



# SEREMONYA NG PAG-ALAALA AT PARANGAL SA LINGKOD KOMUNIDAD

2016



# PALATUNTUNAN

16 Mayo 2016, Lunes, 6 n.g.  
Harap ng Bulwagang Rizal

## UNANG BAHAGI

**Ritwal ng Pag-alaala**  
UP Filipiniana Dance Group

**Litanya ng Paggunita**  
Sa pangunguna nina Dekana Amihan Bonifacio-Ramolete ng Kolehiyo ng Arte at Literatura  
at Dekana Grace Aguilung-Dalisay ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

**Pambungad na Pananalita**  
Dr. Nestor T. Castro, *Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pampamayanan*

**Pagpapakilala sa “Puso-Pusoan\*,” Obra ng Pag-alaala**  
G. Toym Imao, *alumnus ng UP Diliman*  
Kasama si Professor Emeritus at Pambansang Alagad ng Sining Bienvenido Lumbera at Prop. Solaiman Jamisolamin

**Alay-Gunita**  
“Minsan ang Minahal ay Ako”  
(Musika ni Ryan Cayabyab, Titik ni Jose Javier Reyes)  
Bb. Liana Ilka Chase D. Salazar at Bb. Marynor Madamesila, Mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Arte at Literatura  
Kasama si Prop. Solaiman Jamisolamin at ang UP Dance Company

## IKALAWANG BAHAGI

**Parangal sa Lingkod Komunidad**  
*Barangay UP Campus*  
*UP Diliman Campus Maintenance Office*  
*Barangay UP Campus Fire Brigade*

**Himig Parangal**  
G. John Lesaca, *alumnus ng UP Diliman*

**Pagpapakilala sa mga Tatanggap ng Gawad Tsanselor 2016**  
Dr. Benito M. Pacheco, *Bise Tsanselor sa mga Gawaing Akademiko*  
at *Tagapangulo ng Lupong Tagapamahala ng Linggo ng Parangal 2016*

**Mensahe ng Pag-alaala at Pag-asa**  
Dr. Michael L. Tan, *Tsanselor*

**UP Naming Mahal**



\* Ang inspirasyon para sa installation art ay ang tradisyon ng “Puso-Pusoan,” isang ritwal tuwing umaga ng Pasko ng Pagkabuhay kung saan ang isang anghel ay bumababa sa isang gawa-gawang tore para alisin ang belo ng nagluluksang Inang Maria.

Sa halip na anghel, isang kontemporaryong disenyo ng pusong may pakpak na wari’y isang maalamat na ibong “phoenix” ang ginamit sa installation. Nakasabit ito sa isang tinatawag na “open star” na kawangis ng tradisyonal na papier maché o takang “Puso.” Nakakabit ang “phoenix” sa isang toreng gawa sa mga bakal at kawayan na mayroon ding iba pang pabitin na kinasasabitan ng makapupong na dingas na hugis luha upang bigyang liwanag ang buong installation.

Waring inaangat ng pigurang “phoenix” ang isang itim na lambat na sumasagisag sa belong pangluksa. Ang installation ay nagsisilbing biswal na paglalarawan ng pagluluksa at bagong pagsilang o muling pagkabuhay.